

BIGUIN ANG PAGBUHAY SA DAMBUHALANG PANGANIB

Isang Praymer sa Bataan Nuclear Power Plant (BNPP)
Inihanda ng Kilusan para sa Pambansang Demokrasya (KPD)
(Pebrero 2009)

Pagbuhay sa Patay

Hulyo 2008, isinumite ni Rep. Mark Cojuangco, anak ni Eduardo 'Danding' Conjuangco ang House Bill 4631 na naglalayon ng pagsasaayos, pagkokomisyon at komersyal na pagbubukas ng Bataan Nuclear Power Plant o BNPP¹. Hindi kagaya ng ibang panukalang inihain kaugnay sa BNPP, nakakuha ito ng isandaan at siyamnapu't dalawang pirma. Dinidinig ngayon sa House Committee on Appropriations ang isang konsolidadong bersyon na pinamagatang, 'Bataan Nuclear Power Plant (BNPP) Commissioning Act 2008'.

Ang BNPP ay isang 357 ektaryang pasilidad na nasa Napot Point sa Morong, Bataan, itinayo ng Westinghouse Electric Company mula 1974 hanggang 1984 at nagkakahalaga ng 2.3 bilyong dolyar o apat na beses ng inisyal na alok na 600 milyong dolyar. Mula sa umpisa, sinalubong na ito ng malakas na pagtutol ng mamamayan. Sinimbolo nito ang mga kamalian ng Rehimeng Marcos, isang testimonya sa pagkagahaman at korapsyon ng dalawang dekadang diktadura.

Sa kaigtingan ng kampanya laban sa BNPP, isinigaw ng buong probinsya ng Bataan kasama ng mas malawak na lokal at internasyunal na suporta, ang pagpapatigil nito. Ang halos buong probinsya ay lumabas sa kalsada sa matatagumpay na welgang bayang inilunsad noong dekada otsenta (80s). Nang mapabagsak ang Diktadurang Marcos, tuluyan itong ipinasara ni dating Pangulong Cory Aquino.

'Potensyal na Panganib'

Ang mga panganib na maidudulot sa publiko ng BNPP ay hindi maaaring ipawalambahala kahit lumipas na ang 35 taon mula nang itinayo ito. Nananatiling bulnerable ito sa mga lindol at pagyanig maging pagputok ng bulkan dahil sa lokasyon nito.

¹ Isang kaparehong panukala ang inihain sa Senado ni Miriam Defensor-Santiago (SB 2665) noong Oktubre 7, 2008 na kasalukuyang naka-pending sa Senate Committee on Energy

- o Nakapwesto ito sa Mt. Natib, isang namamahingang bulkan kagaya ng Mt. Pinatubo, na siyang bumubuo sa buong hilagang Bataan Peninsula.²
- o Napakalapit nito sa Manila Trench-Luzon Trough tectonic structure³
- o Sa kasaysayan, nagkaroon na ng mga napakalalakas (high magnitude) na lindol sa loob ng daang kilometrong sakop nito. Noong 1970, isang lindol ang naganap sa loob ng 1-2 kilometrong radius mula sa BNPP⁴. Ang paggalaw na naganap ay maaaring sa kadahilanan ng mga faultlines sa lugar o magma.
- o Sinasabi ng Satellite ng daigdig na posibleng mayroong faultline sa ilalim ng mismong kinatatayuan nito.
- o Dokumentado ang pagkakaroon ng aktibong faultlines sa karatig na Subic Bay. Kada 2,000 taon ang paggalaw nito. Naidokumento ang huling paggalaw nito 3,000 taon ang nakararaan⁵.

Kaya naman, maaaring magbunga ng pang-istrukturang pagkasira sa planta ang malakas na lindol at presensya ng mga faultlines sa ilalim nito, at sa pinakagrabe, ang pagbuga ng mga *radioactive* na materyal.

Kinakitaan din ng maraming depekto ang istruktura at disenyo ng BNPP.

Napatunayan ito sa isang serye ng mga teknikal na *pag-audit* na isinagawa ng National Union of Scientists noong 1986, 1988 at 1990. Mayroong mga 'matinding depekto' ang plantang ito sa disenyo, konstruksyon, kalidad, pagkakagawa at pamamahala ng proyekto. Kinomentuhan din ng ulat ang kawalan ng suportang panggastos gaya ng insurance, training, permanenteng tapunan ng mga nuclear waste, decommissioning, pang-biglaang plano at aksidente.

Bukod pa, sa karanasan ng mga lugar na may nakatayong plantang nukleyar, may mga ulat na ng *toxic waste contamination* at pagdami ng *environmental pollutants*. Maraming *radioactive* na elementong nasasagap ng katawan ang may tendensyang

² Kinatatangian ang mga Caldera volcanoes (Mt. Pinatubo at Mt. Natib) ng mahabang panahong pagkakatulog at napakalakas na pagsabog kapag nagising. Bilang panuntunan, kapag mas mahaba ang panahon ng pagkakatulog ng bulkan, mas maraming panahon ang pag-iipon nito ng sumasabog na enerhiya, at inaasahang mas malakas ang pagsabog.

³ 1977 Report on the Evaluation of the Geological and Seismological Studies Made on the Philippine Nuclear Power Plant -1 Site ni Nuclear Technologist III Elmer C. Hernandez at Senior Nuclear Technologist Gabriel Santos, Jr.

⁴ Ibid.

⁵ "Cabato, M. E. J. A., Rodolfo, K. S., and Siringan, F. P. (2005). History of Sedimentary Infilling and Faulting in Subic Bay, Philippines revealed in high-resolution seismic reflection profiles: *Journal of Asian Earth Science* Vol. 25: 849-858.

mamuo sa ilang bahagi ng katawan kagaya ng *'Iodine-131 (thyroid glands), strontium-90 (bones) and cesium-137(muscles)'*⁶.

Kung tuluyang mapapagana ang planta , magiging problema ang pagtatapon ng mga duming nukleyar nito na aabot sa humigit kumulang 20-30 tonelada kada taon. Sinabi na ito mula pa noong 1977 ng Philippine Atomic Energy Commission o PAEC⁷. Sa totoo, hanggang ngayon, wala pang naipapakitang teknolohiya para sa permanente at ligtas na pagtatapon o pagdispatsa ng mga duming *radioactive*, saanman sa mundo. Nanganganib din ang mga kalapit na pinanggagalingan ng tubig sa pagkasaid o kaya'y *'thermal pollution'* dahil kinakailangan ng malaking suplay ng tubig sa pagpapalamig sa sobrang init na mga *reactors*.

Maaari ring makalikha ang planta ng *'weapons-usable plutonium'*. Ang malilikhang plutonium na kasing-laki ng bola ng tennis ay makagagawa ng armas na kayang pumatay ng libong katao.

Nitong nakaraang Nobyembre 2008, pumirma sa isang Memorandum of Understanding ang National Power Corporation (NAPOCOR) at Korea Electric Power Corporation (KEPCO) na naglalayong magsagawa ng isang pag-aaral (feasibility study) para sa posibleng pagkokomisyon ng BNPP na tatagal ng tatlong taon. Ang Korea ang sinasabi ng NPC at Department of Energy na gagawing modelo.

Ang totoo, nakaranas ng mga problema sa planta ng Gori 2 (itinayo noong 1983) na isa sa ipinangangalandakang modelo. Pinagsisimulan ito ngayon ng pangamba ng publiko. Sa katumayan, sa labing-apat na mekanikal na problemang naidokumento sa mga plantang nukleyar sa Korea nitong nakaraang taon, lima dito ay kinasasangkutan ng mga *Gori reactors* na gawa din ng Westinghouse .

Ngunit sa kabila nito, nagbabalak ang guberno ng Korea na magdagdag pa ng labindalawa sa kasalukuyang dalampung plantang nukleyar nito sa darating na 2022. Hanggang kasalukuyan, lihim ang mga detalye nito.

Ito ba ang inaasahan ng mamamayang Pilipino sa oras na maitayo at paganahin ang BNPP?

'Pagpiga sa Pera ng Mamamayan'

Nakita ng mamamayan ang matinding korapsyon at paggiit ng kapangyarihan ng diktadurang Marcos sa BNPP. Hawak ng Westinghouse Electric Co. ang pinakamiserableng rekord sa kaligtasan. Sa sampung mayor na aksidente mula 1969 hanggang 1979, apat rito

⁶ Ang cancer ay nagde-develop sa loob ng labinlimang taon (15 years).

⁷ " ...since in a volcanic belt and has no stable salt rock formation, the long-term storage and disposal of their nuclear waste will depend on the establishment of an international burial site.."—PAEC Report to IAEA (1977)

ang nangyari sa mga plantang kinomiyon ng Westinghouse⁸. Sa kabila nito, isang kontrata sa pagitan ng Westinghouse Electric Company at Gubyerno ng Pilipinas ang naganap, sa pangunguna ni Herminio Disini.

Pinaniniwalaang isang *dummy* si Disini na nilikha ni Marcos⁹. Mula sa kasunduan, nakapagbalsa si Disini ng 17 Milyong dolyar na pinaniniwalaang napunta sa mga kamay ni Marcos.

Sa kabila ng pagsasara dito, ang mamamayang Pilipino ang siyang nagbayad sa halaga ng kasunduan. Umabot sa dalampung porsyento ng kabuuang utang sa mahigit na tatlung taon ang utang mula sa BNPP. Noong 2004, isang pagtaya ang inilabas na kinailangang bayaran ng mamamayan ang mga *behest loans* na ginamit sa BNPP sa halagang PHP 155,000 kada araw¹⁰.

Natapos lamang ang pagbabayad sa bulto ng pagkakautang noong Abril 2007 na nilaan ng 50 Milyong dolyar o 2.5 bilyong piso mula sa Pambansang Budget ng 2007. Sa 2017 at 2018, nakatakda naman ang pagtatapos ng taning sa pagbabayad sa ilang bahagi ng utang na inilipat na sa may mas mababang interes na Brady Bonds.

Hindi kata-kataang isiping ang mamamayan na naman ang sasalo sa pagbabayad ng 1 bilyong dolyar na inisyal na tinatayang kakailanganing pondo para sa rehabilitasyon ng BNPP (na tiyak na madadagdagan kapag natuloy ito sa pagbubukas). **Magpapaloko ba tayo sa pangalawang pagkakataon?**

Sa proseso ng paghahangad na maaprubahan ang pinag-isang panukalang batas na nagsusulong sa muling pagbuhat ng BNPP, napatunayang mababaw o kung di man ay tuwirang di totoo, at labis na pumapabor sa mga nagsusulong nito ang mga inulat na '*public hearings*'.

Di pinaabutan o sadyang di pinadalo ang ilan sa mga kongresistang myembro ng Komite sa Enerhiya na kilalang tutol sa BNPP sa ilang pagdinig na tatalakay sa merito ng panukalang batas. **Bakit nagmamadaling muling buksan ang BNPP?**

⁸ Richard Udell, " Public Citizen's Nuclear Power Safety Report ", 1981

⁹ Si Disini ay mula rin sa angkan ng mga Marcos.

¹⁰ 2004 Foreign Exchange rate: 1 USD = 56 Php

'Muling Pagbuhay ng Nukleyar': Ang Malalaking Interes sa Likod Nito

Halos kabi-kabila ang pag-apruba ng mga kasunduan hinggil sa nukleyar ng mga makapangyarihang bayan sa pangunguna ng US, France, Canada at Russia. Hindi rin naman magpapahuli ang mga bagong lumilitaw na makapangyarihang bayan gaya ng Tsina at India na direktang naglaan ng malaking pondo ng guberno sa pagpapa-unlad ng industriyang nukleyar. Kumpetisyon sa bentahan ng nukleyar at hindi pagtugon sa pangangailangan sa enerhiya sa panahon ng krisis ang siyang dahilan ng muling pagbuhay ng industriyang enerhiyang nukleyar sa daigdig. Sa madaling salita, labanan ito ng mga malalaking industriya upang manalo sa mga kontrata sa labas ng kanilang bansa.

Ito rin ang dahilan ng mahigpit na ugnayan ng mga guberno at mga korporasyong nukleyar. Kinakailangan ang malaking suporta ng mga guberno para maisulong ang mapanganib na negosyong ito.

Ang mga korporasyong nukleyar ang pinakamalalaking grupo na nagla-lobby at pumupondo sa pulitiko (*political funders*). Maging mga opisyal ng guberno (kagaya mismo ng Administrasyong Bush at maging ni Obama¹¹) ay may direktang taya o interes sa negosyong ito. Kapalit nito, naglaan ang administrasyon ni George W. Bush ng malaking bulto ng buwis ng mamamayan bilang subsidyo sa enerhiya—nagkakahalaga ng \$20 bilyon—sa 'atomic power' noong 2007-2008. Nagharap naman ngayon si Obama ng panukalang batas para makabawi ang ekonomiya ng US (*stimulus package*) na magbibigay daan sa posibleng \$50 bilyong 'loan guarantee' para sa industriyang lakas-nukleyar.

Sa sektor ng enerhiya sa Pilipinas, sila-sila ring mga malalaking pangalan sa negosyo ang nagkukumpetisyon sa larangang ito – mga Lopez, Zobel, Ongpin, Pangilinan, at ang Cojuangco na pinakabago.

Sa pamamagitan ng San Miguel Corporation (SMC) na pag-aari ng kanilang pamilya, pumasok na rin ang mga Cojuangco sa negosyo ng enerhiya at di-birong puhunan ang inilagak nila dito. Di-biro ito dahil sa layunin nitong kontrolin ang *power sector*, na isa sa mga negosyong may pinakamalaking kita. Kamakailan lang ay nakuha ng SMC ang 27% share sa Meralco o Manila Electric Co. (pinakamalaking *power retailer* sa bansa) na naglagay sa kanya bilang pangalawa sa pinakamalaking shareholder nito kasunod ng mga Lopez na may 33%.

Kung isasama natin sa share ng mga Cojuanco ang 7% share ng SSS, Land Bank at Development Bank of the Philippines (DBP) sa MERALCO na binili ng Global 5000, isang

¹¹ Dalawa sa pinakamalalaking taga-pondo sa kampanya ni Obama ay sina Frank M. Clark at John W. Rogers Jr., mga punong opisyal ng Exelon. Maging ang *chief strategist* nito na si David Axelrod, ay minsang naging *consultant* ng kumpanya. Ang Exelon ang pinakamalaking US nuclear power plant operator.

investment company na pinaniniwalaang kaalyado ng SMC, kaya na nitong palitan ang pamumuno ng mga Lopez.

Tiniyak din ng SMC na makuha ang 51% share o mayorya ng Petron Corporation na naglagay sa Petron bilang subsidiary ng SMC sa ngayon. Nito ring nakaraang 2008 ay nagtangka ang mga Cojuangco na makuha ang 20 taong konsesyon para sa pagpapagana ng mga linya ng transmisyon (ng elektrisidad).

Kung gayon, maaring tingnan na nakabalangkas sa malaking interes ng kanilang pamilya sa negosyo ng enerhiya ang panukalang batas (House Bill 4631) na isinusulong ni Rep. Mark Cojuangco na naglalayong muling buhayin ang BNPP sa “makaluwang-matang” halaga na US\$1 bilyon.

Si Rep. Mikey Arroyo (panganay na anak ni GMA) na biglang naging tagapangulo ng Komite sa Enerhiya ng House of Representatives ang naghawan ng daan para iratsada at maaprubahan ang panukalang batas sa lebel ng komite. Maliban pa dito, pinaplano niyang magkaroon ng pagbabago sa Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) na lalong magpapabilis sa pribatisasyon ng Industriya ng Elektrisidad.

Ang pagmamadaling ito ng dalawang mambabatas na isulong ang panukalang batas ay lalong nag-aanyaya ng malaking pagdududa.

Kasabay nito, isinusulong naman ng gubyrerno ang isang hiwalay na hakbang ngunit may-iisang-tunguhin, sa pamamagitan ng Department of Energy (DOE) at sa pag-aari nitong NAPOCOR. Bumuo ang DoE ng mga ‘core groups’ na magsasagawa ng dalawang taong pag-aaral para sa panukalang muling buhayin ang paggamit ng enerhiyang nukleyar sa bansa. Enero pa lamang noong nakaraang taon (2008), sinabi na ni (Ret.Gen.) Angelo Reyes, kalihim ng DoE na, ‘Ito ay bukas...ang opsyong nukleyar, at kung sakali ay gusto naming muling balikan ang opsyong ito, total naman ay mukhang papunta naman tayo sa ganong direksyon.’

Ang pursigidong tambalan ni Rep. Mark Cojuangco at Rep. Mikey Arroyo ay nagpapakita ng kolaborasyong pulitikal sa pagitan ng mga kampo ng Arroyo at Cojuangco. Si Danding ay isa sa mga ‘tagong crony’ at tagasuporta sa pulitika ni GMA. Pinatunayan ito ng desisyon ng Office of the Ombudsman noong 2007 na may basbas ni GMA, na nagsabing ang 20% share ni Danding sa San Miguel Corporation (SMC) ay talagang kanya. Matatandaang naging instrumento naman sa pagpatay sa tatlong (3) *impeachment complaints* na isinampa laban kay GMA ang Nationalist People’s Coalition (NPC) na pinamumunuan ni Cojuangco.

Sa pinapakita ng pangyayari, parte ang muling pagbuhay sa BNPP ng isang grandyosong plano upang monopolisahin ang sektor ng enerhiya ng mga taong kilalang malapit sa Malacañang.

Kaduda-dudang mga Benepisyo

Naglatag ang mga nagpanukala ng batas upang muling buksan ang BNPP ng dalawang sumusunod na mayor na argumento:

- Bilang solusyon sa inaasahang *power shortage* na 3, 000 MW sa 2012.
- Mas murang alternatiba lalo na sa kasakuluyang dinaranas na krisis sa enerhiya.

Nito lamang Abril 2008, ipinakita ng datos ng DoE na ang kabuuang '*installed generating capacity*' sa pambansang saklaw ay 15, 937.1 MW. 83% o 13, 205 MW nito ay sinasabing maaasahang kapasidad. Ang pinakamataas na pangangailangang naitala ay umabot lamang sa 8, 999 MW, (6443 MW mula sa Luzon; 1, 102 MW sa Visayas; at 1, 241 MW mula sa Mindanao) noong taong 2007. Hindi natin nagamit ang 4, 212 MW dahil lampas ito sa ating pangangailangan, at kung gayon, may labis na enerhiyang nalikha kesa sa sinasabing kakulangan nito.

Sa halip na umasa sa lakas-nukleyar, may iba pang mga panggagalingan ng enerhiya gaya ng hydro, geothermal at hangin. Ayon din mismo sa DoE, marami pa sa mga ito ang di pa nalilalang –geothermal (1, 200MW), hangin (7, 400MW) at tubig.

Isa pa, lumalabas na napakamahal nang i-opereyt ng plantang nukleyar; sa laki pa lamang ng kabuuang proyekto, bulnerable na ito sa korupsiyon at maanomalyang transaksyon. Gaya ng naunang kontrata ng BNPP, malamang na lumobo pa ang tinatayang US\$1bilyon na gastos kapag nasimulan na ang pagsasa-ayos nito. Magigising na lang tayo isang araw, na tayo'y umaasa na sa importasyon ng uranium kapalit ng pagiging palaasa natin sa langis.

Walang Dahilan para Muling Buhayin

Walang makatuwirang dahilan upang muling buhayin ang BNPP, sa katunayan, ang mga dating dahilan ng pagtatakwil dito ay nanatili sa kabila ng paglipas ng panahon. Hangga't may plantang nukleyar na nakatayo tulad ng BNPP, habang-panahong hindi ligtas ang ating mga mamamayan. Kung gayon, kinakailangan nating muling magtipon ng sapat na lakas upang biguin ang lahat ng hakbang na ulitin ang isang kamalian.

"Wag nating payagan na malinlang tayo ng isang maanomalya, pabigat at di kapaki-pakinabang na kasunduan na papasanin ng susunod na mga henerasyon. TUTULAN ANG BNPP!

Mga Panawagan:

**Protektahan natin ang ating mga komunidad sa banta at panganib ng BNPP!
(Protect our communities from the risks and danger of the BNPP!)**

Ilaan ang buwis ng mamamayan sa enerhiyang di-mauubos, sustainable at epektibong napapamahalaan ng komunidad! (Put our taxpayers money into renewable, community-based, sustainable sources of energy!)

Tutulan ang muling pagbuhay sa BNPP!

#####